

9 na mga Tanong 10 Minuto \$20,000 4.1.2020

Sa 2020, ang 9 na tanong, 10 minutong survey—ang U.S. Census—ay magbibigay linaw sa kinabukasan ng ating bansa at lungsod, at maiimpluwensyahan nito ang kalidad ng buhay ng bawat isa sa susunod na 10 taon. Para sa kabutihan man o sa kahirapan.

PUMILI NG MAAYOS.

Kapag kinumpleto ninyo ang kuwestyonaryo ng Sensus—mapa-online man ito, telepono, o gamit ang koreo—gitna ng Marso hanggang Hulyo 2020:

- + Nakakatulong kayo sa paglagay ng \$20,000 sa inyong lungsod, pati na rin sa inyong mga mahal sa buhay, kapit bahay, at komunidad—para sa mga parke, paaralan, nutrisyon (kasali ang libreng pagkain sa paaralan at Special Supplemental Program for Women, Infants, and Children/ WIC), pangangalaga sa kalusugan, abot-kayang pabahay, pagsasaayos ng daanan, serbisyon sa kaligtasan at emerhensya, at iba pa
- + May impluwensya kayo kung saan itatalaga ang mga negosyo, linya ng bus, aklatan (library), at mga palaruan (playground)
- + Sinisigurado ninyo ang inyong **politikal na kinakatawan** sa City Hall at Kongreso—at ang inyong **kapangyarihang bumoto** sa Electoral College

Lahat ay may karapatan na mabilang para makibahagi sila ng patas, kahit anuman ang kanilang citizenship, katayuan sa imigrasyon, kung may kriminal rekord man o kahit ano pa ang katangian nila. Nasa batas ito.

Walang tanong tungkol sa citizenship sa loob ng 2020 Sensus. Mahigit sa lahat, **kumpidensyal ang inyong impormasyon sa Sensus**. Kapag may nahuling nag bibigay ng impormasyon ninyo sa ICE, sa inyong landlord, o ibang ahensya ng gobyerno o tao—kung sino pa man ito, kahit sila ay empleyado ng Census Bureau—magresulta ito sa 5-taong sentensya at/o isang multang naghahalaga ng \$250,000.

Magpabilang at makibahagi ng patas.

Hatid ng Sanctuary City Project
@sanctuarycityproject

sf.gov/census
#SFCounts #2020Census
@sf_immigrants

www.artandaction.us
@artandaction.us

SF ★ 2020
census
COUNTS

ART +
ACTION
2020 Census